

Ang mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng bagong sakit na "Covid-19" sa pagdaraos ng Kagawa International
Fiesta 2020

○Mga pakiusap para sa lahat ng mga kalahok sa pagtitipon.

◆Pakiinstall po ang "Contact Confirmation App" bago lumahok sa pagtitipon.

Pakipindot po dito para sa "Contact Confirmation App".

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/cocoa_00138.html

◆Paki-sunod po ang mga makabagong paraan ng pamumuhay, katulad ng madalas na pagsusuot ng "face mask", madalas na paghuhugas at pagdidisimpekta ng iyong mga kamay, at tamang kurtesiya sa pag-ubo.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa tamang kurtesiya sa pag-ubo, pakipindot po dito.

<https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000187997.html>

https://corona.go.jp/prevention/pdf/atarashii_seikatsu.pdf

◆Ang mga tao na hindi papayagang makilahok sa pagtitipon:

- Kung makitaan ng sintomas kagaya ng sipon, ubo at lagnat (37.5°C o mas mataas).

- Kung may kapamilya, katrabaho, kaklase, at iba pa na nahawaan ng bagong sakit "Covid-19", o kahit sa taong may potensyal na mahawaan nito.

- Ang mga taong nasa hindi maayos na kalusugan, katulad ng mga sumusunod:

- Ang mga taong hindi nakatapos ng 14 days na quarantine mula sa araw ng pagdating dito sa Japan lalong lalo na kung nanggaling sa mga rehiyon na napasailalim sa mahigpit na imigrasyon na ipinasatupad ng Immigration Control Act.

○Ang mga hakbang upang maiwasan ang paglaganap ng nakahahawang sakit "Covid-19":

◆Ang taong may sintomas gaya ng sipon, ubo, at lagnat ay hindi pinahihintulatang makilahok sa pagtitipon

◆Kapasidad sa Upuan:

- Kapasidad: 50% ng kabuuang kapasidad lamang ang mapapaunlakan.

- Pagsasaayos ng Upuan: Upuang mapanatili ang distansya ng bawat isa, pakilagay po ang upuan sa mas mahigit isang metro na distansya kada pagitan ng mga kahalok.

- Pagdidis-impekta: Pakidis-impekta po ang mga upuan pati na ang mga arm rest.

◆Suporta ng Bentilasyon:

- Tiyakin na magbigay na naangkop na bentilasyon sa lahat ng oras kung mayroong nakakabit na electric fan at air conditioning sa lugar.

- Tiyakin na ang mga bintana at pintuan ng iyong lugar ay palaging nakabukas hangga't maaari.

◆Paglagay ng Dis-impektant

- Tiyakin na maglagay ng dis-impektant solution sa kada pasukan and labasan na inyong lugar.

◆Tiyakin na mapanatili ang distansya ng bawat kalahok

- Tiyakin na magabayan ang mga kalahok sa oras ng pasukan at labasan upang mapanatili ang maaliwalas na kapaligiran ng bawat isa.

◆Paano sumali

- Kailangan mong magparehistro. (Ito ay upang kumpirmahin ang impormasyon ng kalahok at ang kanilang kalagayan sa kalusugan.)

◆Araw ng Kaganapan

- Sa araw ng kaganapan, dapat ipaalala at ipagbigay-alam ng mga tauhan sa mga kalahok tungkol sa mga kahalagahan sa pag-iingat. (Katulad ng pagsuot ng "face mask", wastong pag-uugali sa pag-ubo, at iba pa).

◆Pagsuot ng face mask sa mga tauhan

- Tiyakin na magsuot ng face mask ang mga tauhan. (Magsuot ng "Face Shield" kung kinakailangan.